


Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 10:
Kayarian Halina't Pag-aralan!



**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 10: Kayarian Halina't Pag-aralan!
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Araceli T. Cullamat

Editor: Lyn C. Dela Cerna, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus, Renato S. Bahande

Tagasuri: April T. Delos Santos, Myrene M. Saragena, Angelica M. Mendoza
Lea C. Manambay, Aries A. Gamino, Renato S. Bahande

Tagaguhit: Deodito C. Curaza Jr.

Tagalapat: Hazel Jane A. Villegas

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Winnie E. Batoon

Mary Jeanne B. Aldeguer

Chona M. Calatrava

Analiza C. Almazan

Teresita E. Helgason

Ma. Cielo D. Estrada

Jesusa P. Ambrona

George N. Wong

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 10:
Kayarian Halina't Pag-aralan!

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang napapaloob sa modyul na ito!

Subukin mo kung paano ang pagsulat ng iba't ibang uri ng pangungusap. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakasusulat nang maayos ng iba't ibang uri ng pangungusap: payak, tambalan, at hugnayan (MT3G-Ih-i-6.1).



Mga Tala para sa Guro

Mahalagang unawain ang gagawing pagbasa sa mga nilalaman ng modyul na ito upang mas mapadali at maging magaan ang mga nakalaang gawain para sa bawat aralin. Mas mainam na sunding mabuti ang mga panuto bilang gabay sa paggamit nito at matiyak na makamit ang mga layunin sa pagkatuto.



Subukin

Basahing mabuti ang mga salitang nasa loob ng kahon at tukuyin ang kayarian ng mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

A. Payak

B. Tambalan

C. Hugnayan

1. Ang bata ay sumasayaw.
2. Niyakap niya ang kanyang mga anak at masaya silang nagkuwentuhan.
3. Nagkasakit si Lola dahil sa sobrang pagtatrabaho.
4. Masaya kaming naglalaro nang biglang umiyak si Rona.
5. Magluluto ka ba o maglilinis ng bahay?

Aralin

1

Kayarian Halina't Pag-aralan

Alam mo ba ang pagkakaiba ng mga pangungusap na binabasa mo araw-araw? Mahalaga ba na pag-aralan ito? Ano ba ang pagkakaiba nila? Iilan lamang ito sa mga katanungan na dapat mong malaman.

Kaya, sa modyul na ito ang iba't ibang kayarian ng



Balikan

Basahin at unawaing mabuti ang tula. Pagkatapos, sagutin ang kasunod na mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Ang Aking Alaga

ni: Araceli T. Cullamat

Ang aking alaga ay mataba,
lagi kong kasama tuwi-tuwina.

Buntot ay maikli,
balahebo ay puti.

Kasinlakas ng malaking tambol,
kung ito'y tumahol.

Tagabantay ng bahay,
kaya mahal kong tunay.



Sagutin:

1. Ano ang pamagat ng tula?
2. Sino ang may balahibong puti?
3. Paano niya inilarawan ang kaniyang aso ayon sa tula?
4. Bakit inihalintulad niya sa malaking tambol ang kaniyang alaga?



Tuklasin

Basahin nang tahimik ang kuwento at sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Si Joy sa Panahon ng Pandemya

ni: Araceli T. Cullamat



Ang batang si Joy ay nasa ikatlong baitang. Nang mapabalitang kumalat ang pandemya sa buong mundo, may namuong takot sa kaniyang isip. Malaki ang pangamba niya kung makapag-aaral pa siya nang ligtas at maayos sa panahong magbubukas ang klase sa buwan ng Hunyo. Takot ang naghari sa kaniyang murang isip ngunit tiniyak ng kaniyang nanay na magiging maaayos din ang lahat.

May balitang maaaring sa Agosto pa mag-uumpisa ang pasukan subali't ito raw ay hindi pa tiyak. Pinayuhan siya ng

kaniyang nanay na maging mahinahon lamang sapagkat hindi sila pababayaan ng Diyos. Naging panatag ang loob ni Joy sa sinabi ng kaniyang nanay. Inisip niya na magiging kapakinabang ang mahabang panahon na walang pasok kung tutulong siya sa mga gawaing bahay.

Nagtanim siya ng gulay sa bakuran at naglinis sa mga sulok ng kanilang bahay. Tuwang-tuwa ang nanay ni Joy sa kaniyang ipinakita. Naging ugali na rin niya ang magdasal tuwina. Kailangan daw niyang maging matatag at mahinahon sa gitna ng pandemya dahil may Diyos na magbibigay proteksiyon at biyaya. Mapaaga o magtatagal man ang pasukan, magiging produktibo ang oras ni Joy sa loob ng kanilang bahay sa panahon ng pandemya.

Basahin ang mga tanong at isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Sino ang batang nasa Ikatlong baitang?
2. Ano-ano ang ginawa ni Joy sa panahon na walang pasok?
3. Bakit kailangan maging matatag at mahinahon si Joy sa gitna ng pandemya?




Suriin

Basahin ang iyong sagot sa mga tanong sa kuwento at ikumpara ito sa mga pangungusap sa ibaba.

- Ang batang si Joy ay nasa Ikatlong baitang.
- Nagtanim siya ng gulay sa bakuran at naglinis sa mga sulok ng kanilang bahay.
- Kailangang maging matatag at mahinahon si Joy sa gitna ng pandemya dahil may Diyos na magbibigay proteksiyon at biyaya.

Alam mo ba na ang tatlong pangungusap na binasa mo ay may iba't ibang kayarian? Halika at pag-aralan natin ito!



Tandaan

Kayarian ng Pangungusap

A. Ang **payak** na pangungusap ay nagpapahayag ng isang diwa o kaisipan lamang.

Halimbawa:

1. Ang batang si Joy ay nasa Ikatlong baitang.
2. Naging panatag ang loob ni Joy sa sinabi ng kaniyang ina.

B. Ang **tambalang pangungusap** ay binubuo ng dalawang sugnay na nakapag-iisa. Pinag-uugnay ito ng **at**, **o**, **ngunit**, **at at saka**.


Halimbawa:

1. Takot ang naghari sa kaniyang murang isip **ngunit** tiniyak ng kaniyang nanay na maging mabuti rin ang lahat.
2. Nagtanim siya ng gulay sa bakuran **at** naglinis sa mga sulok ng kanilang bahay.

C. Ang **hugnayang pangungusap** ay binubuo ng dalawang payak na pangungusap. Nagpapahayag ito ng dalawang kaisipan at pinagsasama ng mga pang-ugnay na **kung**, **kapag**, **pag**, **nang**, **upang**, **subalit**, **sapagkat**, **dahil** o **habang**.

Halimbawa:

1. Kailangan daw niyang maging matatag at mahinahon sa gitna ng pandemya **dahil** may Diyos na magbibigay proteksiyon at biyaya.
2. May balitang maaaring sa Agosto pa mag-uumpisa ang pasukan **subalit** ito raw ay hindi pa tiyak.



Pagyamanin

Tukuyin kung anong uri ng pangungusap ang nasa ibaba. Ilagay ang **P** kung payak, **T** kung tambalan at **H** kung hugnayan. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

- _____ 1. Nakatulog si Myrna habang nanonood ng telebisyon.
- _____ 2. Sumali sa paligsahan si Mona at nasungkit niya ang unang puwesto.
- _____ 3. Magluluto ka ba ng almusal o maglilinis sa bakuran?
- _____ 4. Naglalakad si Rey sa parke ng kanilang bayan.
- _____ 5. Nalungkot si Ana dahil umalis ang kanyang ina.



Isaisip

Ano ang pagkakaiba ng payak, tambalan at hugnayang pangungusap?



Isagawa

Kilalanin kung anong uri ang sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Pumunta ang pamilya Santos sa **evacuation center** dahil nangangailangan sila ng tulong.

2. Nagbabakasyon sina Jess at Jessie sa Baguio City.
3. Nagbigay donasyon ang pamilyang Misa sa mga nasalanta ng bagyo.
4. Nagbibihis si Janela habang naghihintay si Janel sa sala.
5. Sumayaw si Paolo at pumalampak ang kaniyang mga kaklase.



Tayahin

Gawain A

Pagtambalin ang dalawang sugnay na nakapag-iisa sa Hanay A at B upang makabuo ng tambalang pangungusap. Gumamit ng wastong pang-ugnay. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Hanay A

1. Tumutugtog ng piyano si Ruth.
2. Mahirap ang kanilang pinagdaanan.
3. Mahusay sumayaw si Kate.

Hanay B

- hindi siya sumasali sa paligsahan ng pagsayaw sa paaralan.
- lahat sila ay may pag-asa
- kumakanta siya sa handaan.

Gawain B

Gamitin ang wastong pang-ugnay na **dahil** o **habang** upang makabuo ng isang hugnayang pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Masaya si Roy _____ tinutulungan niya ang kanilang kapitbahay.
2. Umuwi kami nang maaga _____ kaarawan ni Ate Jana.
3. Umiiyak ang bata _____ nawala ang kanyang bagong laruan.



Karagdagang Gawain

Sumulat sa isang papel ng tigdadalawang pangungusap ayon sa kayarian nito. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

Gawain 1

1. Tumutugtog ng piyano si Ruth at kumakanta siya sa handaan.
2. Mahirap ang kanilang pinagdaanan pero lahat sila may pag-asa.
3. Mahusay sumayaw si Kate pero hindi siya sumasali sa pagsasahan ng pagsayaw sa paaralan.

Gawain 2

1. Masaya si Roy habang tinutulongan niya ang kanilang kapitbahay.
2. Umawi kami nang magaga dahil kaarawan ni Ate Jana.
3. Umiiyak ang bata dahil nawala ang kanyang bagong laruan.

Pagymahan

1. H
2. T
3. T
4. P
5. H

Isagawa

1. Hugnayan
2. Tambalan
3. Payak
4. Hugnayan
5. Tambalan

Balikan

1. Ang pamagat ng tula ay Ang Aking Alaga.
2. May balahibong puti ang kaniyang alagang aso.
3. Ang kaniyang alaga ay matata, buntot ay mailik, balahibo ay puti, tagbantay ng bahay, at kasingsingkas ng tambol kung ito'y tumdoh.
4. Maaaring magkaiiba ang sagot.

Subukin

1. a
2. b
3. c
4. c
5. b

Sanggunian

Curriculum Guide in Mother Tongue Based-MLE 3, p133.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Final K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELCs) with Corresponding CG Codes in MTB-MLE Grade III Quarter 1.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong, Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang, Victoria D. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega. *MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3)*: Book Media Press, Inc., 2014, 72, 95, 106. *DepEd Complex, Meralco Avenue, 1600 Pasig City, Philippines.*

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph